

Sipa't suri sa konseptong nakapaloob sa palanos ng Mangali, Tanudan, Kalinga

Chryster D. Tabora

Benguet State University

La Trinidad, Benguet, Philippines

Email: lhumnay87@gmail.com

Abstract: Bawat etnikong pangkat ay mayroong sariling pagkakakilanlan, aydentidad, tradisyon, kaugalian, paniniwala, gawi o kilos na siyang nagsisilbing lundayan upang maipakilala ang kulturang kinagisnan. Dito mahihinuha ang pamanang yaman ng ating mga ninuno na nagsisilbing salamin upang hindi natin kalimutan ang buhay na kinamulatan mula sa mga simbolo, salita, pahayag, mensahe at iba pang salik na naging instrumento ng pagkakaisa at pagkakaunawaan. Nilayon din ng pag-aaral na ito na masuri ang mga konseptong nakapaloob at implikasyon ng palanos sa mga kabataan ng Mangali, Tanudan, Kalinga. Ginamit din ang palarawang deskriptibo na ang pokus ay ang konseptong pangnilalaman sa pagsusuri.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang konseptong nakapaloob sa mensahe ng palanos ay kinapupulutan ng magagandang aral at mga payo na siyang nagiging tanglaw sa mag-asawa upang palakasin at patatagin ang kanilang pagsasama. Ngunit sa kabila nito ay nagkakaroon ng hamon sa palanos lalo na kung ang pag-aasawa ay nahaluan ng ibang etnikong pangkat o nakapag-asawa sa ibang lugar dahil pwedeng hindi maisagawa ang pag-uugaling ito at ninanais ng makabagong henerasyon na idiretso ang kanilang kasal sa simbahan upang hindi doble doble ang magiging gastos. Kaya't nirerekomenda na dapat ingatan, pahalagahan, paunlarin, at lalong palawigin ang kulturang kinamulatan sa pamamagitan ng pagganap sa mga etnikong gawain upang hindi ito mawala o kaya ay maibaon sa limot. Kinailangan ding i-dokumento, bumuo ng aklat, gumamit ng social media, at iba pang mapanuring pamamaraan sa pagprepreserba at pagpapanatiling buhay ang kulturang kinabibilangan..

Keywords: *Implikasyon, Kasal, Konsepto, Palanos*

Date Submitted: June 5, 2025

Date Accepted: June 26, 2025

Date Published: June 30, 2025

INTRODUCTION

Ang kultura ng iba't ibang etnikong grupo ang siyang batis ng buhay na nagpapaala at nagpapakita ng sariling aydentidad, tradisyon, paniniwala, at kilos o gawi. Bawat bansa ay may sari-sariling kultura at pambansang aydentidad na madaling pagkakakilanlan ng bawat isa. Kung natural lamang sa bawat isa ang magkaroon ng sariling wika, natural ding magkaroon ng sariling panitikang magsasalamin sa tangi at tunay na pagkatao at pagkabansa nito (Arrogante, et al., 2004). Dagdag pa nina Lavenda at Schultz (2007), ang pagsasapanlipunan ay isang proseso ng pag-aaral sa lipunan ng pagsang-ayon sa mga pamantayan at halaga ng grupo, pagsasanib sa ikauunlad ng kanilang komunidad, pagkakaroon ng katayuan, at pagganap ng kaukulang tungkulin. Kasama rin sa kultura ang mga rituwal sa iba't ibang aspeto o mga sitwasyong tumatatak sa etnikong pangkat. Ipinaliwanag naman nina Andersen at Taylor (2007), ang kultura ay isang kumplikadong sistema ng ugnayan na nagbibigay ng kahulugan sa pamamaraan ng pamumuhay ng isang grupo o isang lipunan sa kabuuan.

Ngunit dahil sa pagpasok ng modernisasyon at globalisasyon ay nagkaroon ng pagbabago tulad sa paniniwala, kaugalian, pakikibaka sa pamumuhay ng mga tao, pati kilos at nakagawian. Sa pag-aaral na isinagawa ni Ebido (2019), mariin niyang ipinabatid na unti-unting nawawala at napapalitan ang tradisyong nakasanayan sa sistema ng pag-aasawa sa etnikong pangkat na kinabibilangan. Sinang-ayunan naman ito ni Acosta (2020) na kung saan inilahad niya na ang

mabilis na pagbabago sa lipunan at pag-usbong ng iba't ibang relihiyon ang nagbigay ng kakaibang pananaw sa komunidad ng Mangali, Tanudan, Kalinga na humahantong sa pagkabalisa at pag-aalala sa tradisyunal na palanos (nakagawiang kasal sa pagitan ng lalaki at babae na kilala noong unang panahon na ngilin) sapagkat may malaking obligasyon ito sa matrimonya na kailangang sundin na naaayon sa batas ng etnikong pangkat na ginagalawan. Ang palanos ay isinasagawa upang legal na pag-asawahin ang babae at lalaki dahil noon hindi pa pumasok ang relihiyon o iba't ibang sekta kaya't ang pangat (lider o lider) ng magkabilang pangkat ang tumatayong tagapagdaloy sa seremonya ng kasal kasama na ang pamilya ng babae at lalaki ay magkita-kita upang mapag-usapan ang ikabubuti ng dalawang panig upang sila ay legal na mag-asawa na sinaksihan ng kanilang mga kanayon. Higit pa rito, hindi na kailangan ang interbensiyon ng isang opisyal o estado upang ibigay ang selyo ng kasal. Tahasang iginiit din ng National Commission in Indigenous Peoples na “dapat manguna ang mga kawani ng gobyerno na lahat ng mga pamanang kultural ay maidokumento, maisulat, at maisali sa kurikulum ng paaralan na nagsusulong ng ibayong pwera ng pagkakakilanlan.”

Kasali rin sa usapan ang mga gawaing bawal na makasisira sa isang relasyon, ugnayan sa kapwa, sa pamilya, at responsibilidad hindi lamang sa buhay mag-asawa kundi kasali na ang komunidad (Kampungu, 2005). Ayon rin kay (Ventresca at Mohr, 2020), ang mga matatanda at miyembro ng pamilya ang tumitiyak na ang nagnanais na magpakasal ay sumusunod sa pamamaraan at proseso na nagbibigay ng pagkakataong matuto at ipagpatuloy ang responsibilidad na bantayan pati na ang kanilang pamilya kapag namatay na ang mga matatanda. Karagdagan, naipapabatid sa mga umili (pamayanan o komunidad) na mahalaga ang palanos dahil ang mga miyembro o kasapi sa isang pangkat o grupo ay kailangan na “makingilin o mangilin ka” (makiisa o makisama sa komunidad) bilang respeto at paggalang sa pamilya ng dalawang panig lalo na sa kanilang mga anak nap ag-iisahin upang makapamuhay ng matiwasay at walang pag-aalinlangan bilang mag-asawa. Saad ni Tang (2023) na ang kultura ay kabuuan ng isip, damdamin, gawi, kaalaman, at karanasang nagtatakda ng angking kakayahan ng isang kalipunan ng tao, ang wikang hindi lamang daluyan kundi higit pa rito ay taga pagpahayag at impukan-kuhanan ng alinmang kultura.

Karagdagan, ang lantad na pag-usbong ng teknolohiya sa buhay ng mga kabataan sa mismong lugar ay isa ring pinangangambahan sapagkat naging malawak ang paggamit ng social media upang makahanap sila ng asawa o kapareha na hindi kabilang sa kanilang pangkat na nagiging dahilan upang magkaroon ng pagbabago na pwedeng ang susundin ay ang nakaugalian na uri ng pagpapakasal sa panig ng babae o lalaki. Inihayag din ni Maetez (2013) na sa paglipas ng mga dekada ay tila napakabilis ng mga pagbabago nagaganap dulot ng makabagong teknolohiya at agham o di kaya'y mula sa modernong pag-iisip na nakukuha sa malawakang impluwensya mula sa Estados Unidos at iba pang banyagang bansa. Wala ring masyadong naidokumento, naisulat, at naitala ang mga matatanda sa pangkat o grupo patungkol sa kanilang kultura. Hindi lamang tumutukoy sa isang hanay ng halaga at paniniwala, mga tiyak na patnubay o kumpol ng mga natutunang pag-uugali na ibinabahagi sa pangkat o grupo ng mga tao ngunit isang salik din na nag-aambag sa mga tao sa pakiramdam ng pagiging kabilang, pagkakaisa, at pagkakakilanlan. Ang walang hanggang presensiya ng kultura ay maaaring maiugnay sa pamamagitan ng pagpasa ng mga halaga, pag-uugali, at iba pa mula sa isang henerasyon patungo sa susunod pang mga salinlahi (Lebron, 2013).

Dahil sa mga kadahilanang ito ang siyang nag-udyok sa mananaliksik na palalimin at palawigin ang kaniyang pag-aaral upang dalumin ang palanos ng Mangali, Tanudan, Kalinga. Bukod pa dito ay wala pang masyadong mga pag-aaral sa kung paano pananatilihin at patuloy na

isasabuhay ito sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang wika ang pundasyon ng kultura sa panloob at panlabas na buhay ng pangkat o grupo dahil ang bawat rehistro ng mga wika sa pakikipag-ugnayan at pakikisalamuha sa ibang tao ay may direktang kahulugan upang maunawaan at maintindihan ang bawat sitwasyon na nangyayari sa kapaligiran kaya't kailangang pagyamanin, pakaingatan, paunlarin, at nararapat na maituro at maisalin sa susunod pang henerasyon ayon kay Sabatier (2015).

Research objectives

Layunin ng pag-aaral na ito na masiyasat at masuri ang konseptong nakapaloob sa palanos ng Mangali, Tanudan, Kalinga. Nilalayon din ng pag-aaral na ito na masagutan ang mga sumusunod:

1. Ano-ano ang konseptong nakapaloob sa palanos ng Mangali, Tanudan Kalinga?
2. Ano ang implikasyon ng palanos sa mga kabataan sa kasalukuyang panahon?

METHODOLOGY

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng palarawang deskriptibo na disenyo na nakatuon sa konseptong pangnilalaman sa pagsusuri ng mga mensahe at implikasyon ng *palanos* ng I-Mangali, Tanudan, Kalinga. Sa pamamagitan ng metodolohiyang ito, masusing sinusuri ang ugnayan ng wika at ng panlipunang kontekstong kinapapalooban ng bawat pahayag, na naglalayong halungkatin ang mas malalalim na kahulugan at panlipunang aspeto ng *palanos* (Valdez, 2019).

Isinagawa ang pananaliksik sa Tabuk City at sa Mangali, Tanudan, Kalinga, kung saan pumili ang mananaliksik ng labinglimang impormante na may malawak na kaalaman at karanasan sa *palanos*. Upang matiyak ang pagiging angkop ng mga kalahok, ginamit ang *purposive sampling* kung saan ang mananaliksik ay gumamit ng sariling paghuhusga sa pagpili ng mga kalahok na makapagbibigay ng makabuluhang datos para sa pag-aaral.

Sa pangangalap ng datos, gumamit ang mananaliksik ng gabay na tanong sa pakikipanayam at *audio recorder* upang maitala nang maayos at kumpleto ang mga sagot mula sa mga kalahok. Isinagawa ang *in-depth interview*, isang anyo ng panayam na maaaring gumamit ng mga nakabalangkas na tanong ngunit bukas sa mas malayang talakayan batay sa mga pahayag ng tagasagot (Bolderston, 2012). Ayon kay Tuekett (2005), mahalaga ang paggamit ng *recorder* sa ganitong uri ng pananaliksik upang masigurong tumpak ang dokumentasyon ng mga sagot, ngunit kinakailangan munang humingi ng pahintulot sa mga kalahok bago magsagawa ng pagrekord. Bilang pagsunod sa etika ng pananaliksik, ang datos ay nakalap matapos humingi ng pormal na pahintulot mula sa mga impormanteng taga-Mangali, Tanudan, Kalinga, at sa pamamagitan ng pag-apruba ng ilang *IPMR* ng nasabing lugar. Matapos ang pag-apruba ng sulat ng pahintulot, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga kalahok hinggil sa iskedyul at takdang oras ng panayam. Ang mga sagot ng kalahok ay isinalin sa transkripsiyon na siyang naging batayan sa pagsusuri ng datos.

Ang mga *verbatim* na sagot ay dumaan sa transkripsiyon at isinailalim sa *corrective listening* upang matiyak ang katumpakan. Sa prosesong *cool analysis*, paulit-ulit na binasa at sinuri ng mananaliksik ang mga transkrayb na datos upang matukoy ang mga makabuluhang pahayag at maiayos ito ayon sa mga paunang kategorya. Sinundan ito ng *warm analysis* kung saan isinagawa ang *thematic analysis* upang tukuyin ang mga tema batay sa ugnayan at pagkakatulad ng mga kategorya.

Bilang karagdagan, ang mga kontekstong nalikom na kinapapalooban ng *palanos* ng Mangali, Tanudan, Kalinga ay isinailalim sa *validation* mula sa mga *pangat* o lider ng komunidad upang matiyak ang pagiging wasto at integridad ng impormasyon. Upang matiyak din ang bisa at kredibilidad ng mga temang nabuo, ginamit ang *critical friend technique* bilang panlabas na paraan ng pagpapatunay. Sa ganitong paraan, naging masinsin at mapagkakatiwalaan ang mga datos na naging batayan ng pag-aaral.

FINDINGS AND DISCUSSION

Mensaheng nakapaloob sa palanos ng mga i-mangali

Ang pag-aaral ng *palanos* ng mga I-Mangali ay nagpapakita ng masalimuot ngunit makahulugang ugnayan sa pagitan ng wika, kapangyarihan, at panlipunang konstruksyon. Sa konteksto ng pag-aasawa, ang *palanos* ay isang pormal na diskurso ng mga pagpapahalaga, gabay, at pamantayang dapat sundin ng mga bagong mag-asawa. Sa isinagawang panayam, malinaw na inilahad ng mga kalahok na ang respeto ay isang pundasyong moral na hindi maaaring ihiwalay sa kanilang ugnayang pampamilya. Ang pagbibigay-galang sa mga magulang at sa bawat panig ng pamilya ay ipinapakita hindi lamang sa anyo ng wika kundi sa pag-iwas sa mga panunumbat at pagiging mapagpakumbaba.

Ang respeto sa sarili at sa asawa ay binibigyang-diin din bilang batayan ng matibay na pagsasama. Ipinapayo ng mga tagapagsalita ang pag-unawa sa pinanggalingan ng relasyon, kabilang na ang mga sakripisyo at tagumpay mula sa simula ng kanilang pagsasama. Ang pagpapakita ng respeto ay hindi lamang simbolo ng paggalang kundi isang kasangkapan upang mapanatili ang katahimikan, katatagan, at pagkakaisa sa pamilya. Bukod dito, binibigyang-halaga rin ang papel ng pananampalataya—ang pag-unawa sa tukso, batay sa naratibo nina Adan at Eba, ay isinasama sa praktikal na gabay para sa mga mag-asawa.

Dagdag pa, ang papel ng asawa—lalaki man o babae—ay malinaw na inihahanay sa pananagutang panlipunan at moral. Ang lalaki ay inaasahang maging haligi ng tahanan, at ang babae ay katuwang sa pagpapatatag ng pamilya. Ang *palanos* ay ginagamit upang linangin ang kamalayan hinggil sa mga tukso sa paligid at kung paano ito dapat harapin sa konteksto ng kulturang moral ng komunidad. Ayon sa mga kalahok, mahalagang matutong magtimpi, umiwas sa kasamaan, at ipraktis ang *paniyaw* at *bain*—mga etikang panrelihiyon at panlipunan na may layuning mapanatili ang katapatan at kabutihang-asal.

Sa karanasang pampamilya, hindi rin maiiwasan ang mga pagsubok kaugnay ng pagpapalaki sa mga anak. Ang pagiging magulang ay nangangailangan ng sapat na diskarte upang maitama ang mga pagkukulang ng anak nang hindi isinasakripisyo ang ugnayan sa kanila. Sa kabuuan, ang *palanos* ay isang sistema ng pagpapayo na hindi lamang lumalayo sa moral na panuntunan kundi humuhubog din sa sikolohikal at emosyonal na katatagan ng bawat miyembro ng pamilya.

Kabilang din sa mga impormasyong lumabas sa pananaliksik ang papel ng tsismis sa paghubog o pagkasira ng relasyong mag-asawa. Ayon sa mga kalahok, ang maling impormasyon at sobrang pagiging mapag-imbetiga ay madalas magbunsod ng away na maaaring umiwas kung nanaig ang komunikasyong bukas, malinaw, at may tiwala. Ang papel ng social media at mga *Marites* ay binigyang-diin bilang negatibong impluwensya kung hindi mapipigilan, na umaayon sa pananaw ni Nickerson (2022) hinggil sa epekto ng impormal na komunikasyon sa panlipunang pagkatao.

Kaugnay nito, tinukoy din ang problemang may kinalaman sa pisikal at emosyonal na karahasan sa loob ng tahanan. Binanggit ng isang kalahok ang hindi dapat gawing “punching bag” ang asawa—isang panawagang itigil ang anumang anyo ng karahasan at itaguyod ang pag-ibig at pag-unawa. Mula sa ganitong pananaw, malinaw na ang *palanos* ay hindi lamang nagbibigay ng moral na alituntunin kundi nagsisilbing mekanismo ng kultural na pagdidisiplina upang mapanatili ang kaayusan sa tahanan.

Dagdag pa rito, ang komunikasyon ay binigyang-diin bilang susi sa pagpapatatag ng pamilya. Ang mga mag-asawa na parehong may hanapbuhay ay pinapayuhang mag-usap nang masinsinan ukol sa hatian ng responsibilidad upang maiwasan ang pagkaligaw ng layunin. Sa ganitong paraan, ang mga aral ng nakaraan, kabilang ang mga gawi ng mga ninuno sa pagpapalaki ng pamilya, ay nananatiling mahalaga at makabuluhan sa kasalukuyan.

Implikasyon ng palanos sa kasalukuyang panahon

Sa kasalukuyang panahon, lumilitaw na unti-unting nababawasan ang praktis ng *palanos*, partikular na sa mga kabataang sumasailalim sa *cross-marriage* o pag-aasawa sa labas ng kanilang etnolingguwistikong grupo. Ayon sa ilang kalahok, kapag ang pag-aasawa ay naganap sa ibang lugar, mas nangingibabaw ang kultura ng asawang mula sa labas ng Kalinga, kaya’t nawawala ang pagsasabuhay ng *palanos*. Ayon kay Mabaquiao (2019), ito ay epekto ng globalisasyon na nagdudulot ng pagbabago sa kultural na praktis at identidad ng mga katutubo.

Dagdag pa rito, ipinahayag ng mga kalahok na ang *palanos* ay hindi na kasing laganap sa kasalukuyan dahil sa usaping pinansyal. Sa halip na magdaos ng tradisyunal na *palanos*, mas pinipili ng iba na ikasal agad sa simbahan upang maiwasan ang dobleng gastusin. Ang pagbabagong ito ay nagpapakita ng paglipat mula sa kolektibong kultural na ritwal tungo sa mas praktikal at modernong interpretasyon ng kasal.

Ayon sa mga pag-aaral nina Smith at Johnson (2020), ang kakulangan ng pang-unawa sa mga kontekstong sosyokultural ay maaaring magdulot ng kahinaan sa pagpapahalaga sa mga tradisyunal na praktis gaya ng *palanos*. Dahil dito, nananatiling mahalaga ang papel ng mga *pangat* o nakatatanda sa pagpapasa ng kaalaman at pagpapalaganap ng mga kultural na pamantayan. Kung ang *palanos* ay mawawala, mawawala rin ang isang anyo ng diskursibong wika na sumasalamin sa identidad, paniniwala, at etikal na oryentasyon ng komunidad.

Sa huli, ang *palanos* ay hindi lamang isang ritwal kundi isang kultura ng kaalaman—isang anyo ng oral na literatura na nagpapakita ng halaga ng wika bilang imbakan ng kolektibong kamalayan. Ngunit tulad ng inihayag ni Patawaran (2012), sa kabila ng kahalagahan nito, ang ilang kabataan ngayon ay tila tinitingnan na ito bilang isang lumipas na institusyon, lipas na sa makabagong pamumuhay. Kaya’t kung ang *palanos* ay hindi mapapangalagaan, hindi lamang isang tradisyon ang mawawala kundi isang mahalagang bahagi ng panlipunang pundasyon ng mga I-Mangali.

CONCLUSION

Batay sa natuklasan ng mananaliksik, lumalabas na ang *palanos* ay itinuturing na sagradong kasal sa pagitan ng babae at lalaki. Hindi rin maikakaila na sa *palanos* nakapaloob ang mga mabubuting payo at mga aral na siyang gagabay sa mag-asawa upang mas lalong patatagin at magkaroon ng tiwala sa isa’t isa. Ngunit sa kabila nito, lumalabas na nagkakaroon ng hamon sa *palanos* lalo na kung ang pag-aasawa ay nahaluan ng ibang etnikong pangkat o nakapag-asawa sa ibang lugar dahil

pwedeng hindi maisagawa ang pag-uugaling ito kundi tatalima sila sa nakaugalian ng kanilang napangasawa sa ibang lugar. Lumalabas din na mas ninanais ng makabagong henerasyon na idiretso ang kanilang kasal sa simbahan upang hindi doble doble ang magiging gastos.

REFERENCES

- Acosta, P. (2020). Karapatan at obligasyon ng mag-asawa. <https://www.bulgaronline.com/ppost/karapatan-at-obligasyon-ng-mag-asawa>
- Agbontaen-Eghafona, K. (2017). The changing phases of African marriage and family: Perspectives on Nigeria in the African context. The Pontifical Academy of Social Sciences. http://www.pass.va/content/scienzessocial/en/events/202923/family_ecology
- Andersen, M., & Taylor, H. (2007). Understanding a diverse society (p. 528). Thompson Learning Inc.
- Arrogante, J., et al. (2004). Panitikang Filipino (Antolohiya) (Binagong Edisyon). National Bookstore.
- Bhernhie, T. (2020). Wika. <https://www.coursehero.com/file/67380133/WIKA-LESSONpptx/>
- Bolderston, A. (2013). Archive ouverte HAL. <https://hal.science>
- Ebido, C. (2019). Materyal at di-materyal na kultura ng tribong Dulangan Manobo [Unpublished undergraduate thesis]. Sultan Kudarat State University.
- Fairclough, N. (2003). Analysing discourse: Textual analysis for social research. Routledge.
- Johnson, A., & Smith, J. (2020). Understanding the significance of context in interpretation: A qualitative study. *Journal of Communication Studies*, 25(2), 46–63.
- Kampungu, R. (2005). Concept and aim of Okavango marriages: Investigated in the light of ecclesiastical legislation. Pontificia Universita Urbana.
- Lavenda, R., & Schultz, E. (2007). Core concepts in cultural anthropology (4th ed., p. 49).
- Lebron, A. J. (2013). Meaning and significance of culture. <https://www.researchgate>
- Leynes, L., et al. (2016). Lived experiences of single fathers of children with special needs during the health crisis. <https://researchgate.net/publication/362173343>
- Mabaquiao, N. (2019). Globalisasyon, kultura, at kamalayang Pilipino. Pamantasang De La Salle. <https://doi.org/10.3860/malay.v19i3.392>
- Mwiinga, L., & Chaamwee, N. (2022). The influence of mobile app and media towards entomophagy awareness and acceptability. *International Journal of Advance Research*, 5(1), 131–144. <https://doi.org/10.37284/ijar.5.1.824>
- Maetez, J. (2013). People of the mountains – People of Cordillera. <https://jacobimages.com/2013/05/igorots-cordilleras>
- Nickerson, C. (2022). Understanding critical theory. Simply Psychology. <https://tinyurl.com/mr34en7t>
- Palay, A. (2017). Dapat pa bang ipagpatuloy ang kultura, tradisyon at kaugalian ng pamilyang Pilipino. <https://financeideablog.wordpress.com/2017/07/10/dapat-bang-ipagpatuloy-ang-kultura-tradisyon-at-kaugalian-ng-pamilyang-pilipino/>

- Panopio, I. (2007). Socio-cultural factors influencing adaptation capacity of Indigenous People in Barotac, Viejo, West Central Philippines, 4(1).
- Patawaran, E. (2012). Pagpapahalaga sa tradisyon at kulturang Pinoy. <https://www.pressreader.com/philippines/sunstarpampanga/20220512/281646783731873>
- Sabatier, C. (2015). Ethnic and national identity among second-generation immigrant adolescent in France: The role of social context and family. *Journal*, 31(2), 185–205.
- Spacey, J. (2024). Definition of culture. <https://simplicable.com/culture/culture-definition>
- Tamayo, M., et al. (2022). Double advantage of parental education for child education achievement: The role of parenting and child intelligence. <https://doi.org/10.1093/eurpub/cka044>
- Tang, C., et al. (2023). Evaluating system and influencing paths for the integration of culture and tourism in traditional villages. *Journal of Geographical Sciences*, 33(12), 2489–2510.
- Timbreza, F. T. (2003). Filipino values today. National Bookstore.
- Tuekett, A. G. (2005). Applying thematic analysis theory to practice: A researcher's experience. *Contemporary Nurse*, 19, 75–87. <https://doi.org/10.5172/conu.19.1-2.75>
- Valdez, R. (2019). Relationship between first generation college students and faculty: A case study of a small rural private university. https://digital.lib.washington.edu/researchworks/bitstream/handle/1773/36583/valdez_washington_0250E_15726PDF?sequence=1
- Ventresca, M. J., & Mohr, J. W. (2020). Archival research methods. In *The Blackwell companion to organizations* (pp. 805–828). Blackwell Publishers.
- Vincent, M. (2015). Preservation of the memory of lost cultural heritage in post-conflict communities (pp. 1683–1700). <https://doi.org/10.1007/978-3-031-27330-8-71>